PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 25 AUGUST 16 - 22, 2021 10.00

# Remulla pushes for Cavite wage hike

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) --Governor Jonvic Remulla is committed in his campaign to increase the daily minimum wage rate in the province, believing that the prevailing P373-daily wage is insufficient, given the daily living expenses and price of basic commodities.**

It is also arguable why should there be a difference in wage rate between workers in NCR and those employed in the province since the cost of living in NCR and in Cavite and other provinces as well are basically the same. And at times, it is even more costly in remote areas where fuel prices are expensive.

According to Remulla, the procedures in minimum wage adjustment starts with the initiation by the Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) or a petition filed by a legitimate employees/workers organization before the RTWPB.


After filing of the petition, public hearings will be conducted after giving notices to employees and employers groups, provincial, city, and municipal officials and other interested parties. The board may also conduct consultations with concerned sectors and industries that will lead to a final wage order issuance.

Factors to be considered include the needs of the workers and their families, capacity to pay, comparable wages and incomes, and requirements of economic and social development.

"I shall call upon the accredited Labor groups to file the petition. Pero para klaro sa lahat: Wala po sa kapangyarihan ko o ng aking tanggapan ang gumawa ng immediate order para umakyat ang sahod. Ngunit gagawin ko ang lahat para tulungan ang mga petitioners," said Remulla.

[But to be clear to everyone: It is not in my power or in my office to make an immediate order to increase the salary. But I will do everything to help the petitioners.]

The issuance of wage order shall be made within 30 days after the last hearing, following the decision of the Board on the merits of the petition.




# Vacc to Normal campaign, inilunsad sa Imus

**LUNGSOD NG IMUS, Cavite (PIA) --Inilunsad ang Vacc to Normal campaign ng Grab Philippines sa bayang ito noong Agosto 6 sa pangunguna ng Imus City Local Economic Investment and Promotions Office (LEIPO).**

Ang kampanya ay naglalayong mabakunahan ang mga riders ng Grab Philippines sa lungsod.

"Bilang bahagi ng Priority Group A4 o economic frontliners, nararapat na sila'y mabigyan rin ng proteksyon mula sa sakit habang sila'y araw-araw na humaharap sa banta ng COVID-19," ani Mayor Maliksi sa kanyang Facebook post.

Binigyang diin ni Mayor Emmanuel Maliksi ang kahalagahan ng inisyatibong ito upang bigyang proteksyon ang mga essential workers kasabay ng pagbabalik-sigla ng lokal na ekonomiya ng Imus.

Kasabay naman ito ng pagbabakuna sa mga senior citizens sa patuloy na pag-arangkada ng Tutok Seniors. (City Government of Imus FB Page/PIA-Cavite)


City Government of Imus

## Calabarzon dengue cases fall in 2021 - DOH

**CALAMBA CITY (PIA) - Dengue cases in the Calabarzon region have decreased this year, according to the Department of Health (DOH).**

In a press release, the DOH - Center for Health Development CALABARZON said that around 4,179 dengue cases have been reported this year, around 41 percent lower compared to last year's data during the same period with 7,933 cases.

According to the Regional Surveillance and Epidemiology Unit (RESU), most of the patients are aged between two (2) to 88 years old.

The province of Rizal has the highest reported cases with 1,377; followed by Cavite province with 1,276 cases; and Laguna province with 895 cases. Among these cases, 15 deaths were recorded.

Regional Director Eduardo C. Janairo advised residents to be wary of mosquito bites, especially during the rainy season.

"Panatilihin po natin ang kalinisan, sa loob at labas ng ating bahay upang hindi po pamahayan ng mga lamok. Wala pong pinipiling oras ang mga ito upang mangagat at makapagdulot ng sakit na dengue," he emphasized.

[Let us maintain the cleanliness inside and outside of our homes so mosquitoes will not multiply. They choose no time to attack which causes illnesses [like] dengue.]

The region's top doctor also said that children aged two (2) to 10 are most prone to mosquito bites, advising parents to safeguard their children against insects.

"Use insect repellent, wear bright colored long-sleeved shirts and long pants and most important is to control mosquitoes inside and outside your home by destroying their breeding sites," Janairo advised. (PB/DOH IV-A)




FamilyMart

ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Palakasin at linisin ang baga

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong

Ang mga tao na nasira ang baga ay maaaring magkaroon ng mas mahirap na kalagayan kaysa sa mga taong malinis ang baga. Ang mga kondisyon, tulad ng COPD, hika, at cystic fibrosis ay nagdudulot ng labis na produksyon- ng mucus o makapal na plema na maaaring bumara sa baga.

Ang mga toxins mula sa usok ng sigarilyo o polusyon- sa hangin na pumasok sa mga baga ay maaaring maka-apekto sa buong katawan. Ang tao ay maaaring makaram-dam ng bigat sa dibdib at baradong pakiramdam.

Narito ang mga paraan para linisin ang baga:

1. Steam therapy – Ang paglanghap ng singaw ng tubig ay para buksan ang mga daanan ng hangin at tulungan ang baga na umagos ng plema. Maaaring matuyo ng klima ang mga mucous membranes sa mga daanan ng hangin. Sa kabaliktaran, ang steam ay nagdaragdag ng init at moist sa hangin, na maaaring mapabuti ang paghi-nga at tulungan na lumabas ang plema.

2. Kontroladong pag-ubo – Ang kontroladong ubo ay maaaring makatulong na malabas ang plema. Gawin ito: Umupo sa upuan at i-relax ang balikat, ilapat ang mga paa sa sahig, itiklop ang mga braso sa tiyan. Dahan-dahan lumanghap sa ilong at itulak ang mga braso paloob sa tiyan habang umuubo ng dalawa o tatlong beses. Magpahinga at ulitin kung kailangan.

3. Gawin ang postural drainage – Ang postural drainage ay ang paghiga sa iba't ibang posisyon para magamit ang gravity para alisin ang plema. Gawin ito: (1) Humiga nang nakatihaya. Maglagay ng isang unan sa ilalim ng balakang upang matiyak na ang dibdib ay mas mababa kaysa sa balakang. Dahan-dahang lumanghap sa ilong at huminga nang palabas sa bibig. Ang bawat exhale ay dapat mas matagal kaysa inhale. Magpatuloy nang ilang minuto. (2) Humiga naman sa kaliwang gilid. Gawin ulit ang paglanghap ng ilang minuto. (3) Humiga sa kanang gilid at ulitin muli. (4) Humiga ng nakadapa at magpatuloy ng ilang minuto.

4. Tambulin ang dibdib (chest clapping) – Ang pagtambol sa dibdib ay isang epektibong paraan upang alisin ang sobrang plema sa baga. Gamitin ang kamay para i-tap ang dibdib para matanggal ang mga nakadikit na plema sa baga. Ang pinagsamang pagtambol sa dibdib at postural drainage ay maaaring makatulong na linisin ang mga daanan sa sobrang plema.

5. Ehersisyo – Ang regular na ehersisyo ay maaaring mapabuti ang pisikal at mental na kalusugan ng mga tao, at binabawasan nito ang panganib nang maraming kondisyon sa kalusugan, kabilang ang stroke at sakit sa puso. Ang ehersisyo ay nagpapalakas ng mga kalamnan o masel ng paghinga. Pinapataas din ang rate ng paghinga, na nagreresulta sa mas malaking suplay ng oxygen sa katawan. Nagpapabuti rin ito ng sirkulasyon at ginagawang mas mahusay ang katawan sa pag-alis ng labis na carbon dioxide.

## PINAGTAGPO NG PANDEMIC

Dear Dr. Love,

Kung perhuwisyo ang idinudulot nitong COVID 19 pandemic, may maganda ring idinulot ito sa aking buhay. Dahil sa lockdown na ipinatupad noong nakaraang taon, nakilala ko si Melba.

Nagkataong umuwi ako sa Romblon bago magpatupad ng lockdown dito sa Metro Manila. Sa Romblon ako inabutan ng pagdedeklara ng lockdown at hindi na ako nakabalik ng Maynila. Tumira ako pansamantala sa aking mga kamag-anak at dito ko nakilala si Melba na kapatid ng misis ng aking pinsan.

Pareho kaming bakasyonista ni Melba sa isang bahay at dito na-develop ang aming pag-iibigan. Siya ang pangalawang babae sa buhay ko. Ang unang kasintahan ko ay pinilit ipakasal ng mga magulang niya sa ibang lalaki. Nagka-ibigan kami ni Melba hanggang may ipagtapat siya sa akin.

Hiwalay siya sa asawa at hindi pa nagpa-file ng annulment para ipawalang-bisa ang kanilang kasal. Mayroon din silang anak ng kanyang asawa na nasa poder ng lalaki.

Nagsama kami ni Melba at nagtayo ng maliit na kubo sa lupa ng aking kamag-anak. Namasukan ako kahit helper sa isang quarry sa Romblon. Gusto naming magpakasal ni Melba pero hindi naman namin ma-afford ang halaga ng annulment. Ano ang gagawin ko?

Celo

Dear Celo,

Kailangan tala-gang maikasal kayo dahil kung hindi, hindi kalugodlugod sa Diyos ang inyong pagsasama.

Gawin mong goal na mapawalang-bisa ang kasal ng iyong kinakasama sa ibang lalaki at mahirap mang gawin, pag-ipunan mo ang kinakaila-ngang halaga para sa annulment.

Mahalagang maging legal ang inyong pagsasama, alang-alang na rin sa inyong magiging anak na lalabas na illegitimate kung hindi kayo kasal. Samantala, sikapin ninyong makausap ang asawa ng iyong kinakasama at tiyaking hindi na siya maghahabol sa kanyang misis na kinakasama mo ngayon.

Kasi, puwede siyang idemanda ng kanyang asawa ng adultery kung gugustuhin niya. Kung mayroon na rin siyang ibang kinakasama, dapat naman siguro na makapag-move on na rin si Melba. Dr. Love

## EDITORIAL

### Mapanganib ang pekeng balita

Mabilis magpakalat ng balita ngayon sa pamamagitan ng social media. Isang pindot lang, parang apoy nang kakalat ang balita. Marami na agad makakabasa. Pero ang masama, ginagamit ang social media para magpakalat ng maling impormasyon. Peke. Huwad. Walang katotohanan. Ngayong may pan-demic, delikadong magpakalat ng pekeng balita sapagkat magdudulot ng pagkakagulo.

Ang pagdagsa nang maraming tao sa vaccination- site sa Maynila, Las Piñas at Antipolo City noong Huwebes ay nangyari dahil sa kumalat na maling balita sa social media. Ayon sa balita, hindi raw ma-ka-kakuha ng ayuda ang mga hindi pa nababakunahan. Dahil dito nagdagsaan ang mga taong gustong magpabakuna. Nag-agawan sa pila. May nagtulakan. Nasira ang social distancing dahil marami ang gustong mauna sa pila. Maraming nagrereklamo dahil matagal na raw sila sa pila pero ang mga bagong dating ay nauna pa sa kanila.

Pinakamarami ang dumagsang tao sa Maynila. Dalawa ang vaccination sites sa Maynila – isa sa SM Manila at sa SM San Lazaro. Parang senaryo sa traslacion ng Poong Nazareno ang dami ng tao sa dalawang vaccination sites. At ang katwiran ng mga tao, kaya sila magpapabakuna ay para makatanggap ng ayuda.

Dagsa rin ang tao sa Las Piñas at sa Antipolo. Halos iisa ang kanilang dahilan kaya dumagsa sa vaccination site – para mabakunahan at makatanggap ng ayuda. Ipinaliwanag naman ng local government units (LGUs) ng tatlong lungsod na walang katotohanan ang balita. Lahat daw ay makakatanggap ng ayuda kahit walang bakuna.

Sabi ni Metro Manila Development Authority (MMDA) chairman Benhur Abalos na ipinatutugis na nila sa National Bureau of Investigation (NBI) ang nagpakalat ng fake news. Nagbabala siya sa nagpa-kalat ng maling balita na mananagot ang mga ito. Na-nawagan naman si Abalos sa mamamayan na mag-hintay sa abiso ng LGUs sa schedule ng vaccination.

Dahil sa rami ng mga taong dumagsa noong Huwebes, imposible na walang carrier ng kinatatakutang Delta variant. Dahil dikit-dikit, madaling naipapasa ang virus. Ayon sa Department of Health (DOH) limang segundo lamang at naipapasa na ang Delta variant. Hindi na nakapapagtataka kung tumaas ang kaso sa mga darating na araw.

Nararapat hulihin ng NBI ang mga taong nagpakalat ng pekeng balita. Kailangang may masampolan- para hindi na maulit ang pagkakalat ng pekeng balita. Mapanganib ang mga taong ito na walang ibang hangarin kundi manira at manggulo.

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER.Ph MEMBER

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## Philippines No. 31 sa FIBA world rankings

MANILA, Philippines — Nanatili ang Pilipinas sa No. 31 sa pinakabagong inilabas na world men's rankings ng FIBA, ang international basketball body.

Maganda ang naging kampanya ng Gilas Pilipinas sa nakaraang 2021 FIBA Asia Cup qualifiers kung saan nila winalis ang Korea sa dalawang laro at tinambakan ang Indonesia.

Si Fil-Am guard Dwight Ramos ang bumandera sa nasabing mga laro ng Nationals katuwang sina 7-foot-1 Kai Sotto at natura-lized center Ange Kouame para manguna sa Group A at makuha ang tiket sa tournament proper na nakatakda sa Hulyo ng 2022.

Nagpakita rin ng kanilang tapang ang bagitong Gilas team sa Olympic Qualifying Tournament sa Belgrade kung saan nila nakatapat ang mga eksperyensadong tropa ng Serbia at Dominican Republic sa group stages.

Sa susunod na taon ay sasabak ang Gilas, pinamamahalaan ni head coach at program director Tab Baldwin, sa Asian Games sa China at Southeast Asian Games sa Vietnam.

Ang Pilipinas ngayon ang sixth-best team sa Asia-Pacific sa ilalim ng No. 1 Australia, No. 2 Iran, No. 3 New Zealand, No. 4 China at No. 5 Korea.

Bumabandera pa rin sa buong mundo ang Team USA na inangkin ang kanilang ikaapat na sunod na Olympic gold medal sa nakaraang Tokyo Games.

Tinalo ng mga Americans ang France sa finals habang pinadapa ng mga Aussies ang mga Slovenians ni Luka Doncic para kunin ang bronze medal.

Nasa ilalim ng US sa world rankings ang No. 2 Spain, No. 3 Australia, No. 4 Slovenia, No. 5 France, No. 6 Serbia, No. 7 Argentina, No. 8 Italy at No. 10 Lithuania.

# Legazpi to get P9.5-M waste management grant from Japan

LEGAZPI CITY – The city government has been chosen by the Japanese government as a recipient of its PHP9.5-million grant for the establishment of facilities that would further improve its waste management system.

In an interview on Tuesday, Legazpi City health and safety officer, Engineer Neil Careo, said Legazpi has been selected, along with two other cities, due to its effective implementation of its solid waste management program (SWMP).

Careo said they are now fine-tuning all the documentation for the City Plan of Action on Marine Litter (CPAML), which is the major requirement for the implementation of the Japanese program dubbed "Healthy Ocean and Clean Cities Initiative" (HOCCI) facilitated by the United Nations Human Settlement Program (UN-Habitat) Philippines.

He said they will conduct a study regarding marine litter reduction to be submitted to the UN-Habitat.

Careo said the city government will use PHP1 million of the grant to improve the city's waste management while the remaining PHP8.5 million would be used to buy equipment for minimizing marine waste materials through a "circular economy".

The City Environment and Natural Resources Office (CENRO), he noted, should strengthen the application of the "reuse, reduce, recycle" (3R) strategy.

"Also, the city government of Legazpi and the UN-Habitat will sign an agreement of cooperation for the implementation of the HOCCI project," Careo said.

UN-Habitat is the United Nations agency for human settlements. It is mandated by the UN General Assembly to promote socially and environmentally sustainable towns and cities with the goal of providing adequate shelters for all.

Careo said the HOCCI project will focus on the reduction of marine waste materials particularly the single-use plastics coming from households and other institutions which clog the river channels and destroy the marine resources.

Aside from Legazpi, the cities of Ormoc and Cagayan de Oro were also selected as beneficiaries of the Japanese grant. (PNA)

EMERGENCY ALERT
ATE LANI EMERGENCY RESPONSE TEAM
DIAL 161

# GUHIT NG KAPALARAN

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mararanasanang serendipity effect. Simulanangpag-practice ngoracion meditation. Lahatng helpful people ay darating. Huwag ma-stress. Lucky numbers at color for the day ang 25, 52, 45, 35, 12 at pearl white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Kampisadesisyonmoangnasapaligid kung tapatmangpusosaintensiyon. Ingatanang health. Lucky numbers at color for the day ang 15, 22, 45, 53, 36 at ice blue.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Merongbagongkaranasan. Maraminghahangasaiyongmgaistratehiyasatungkulin. Lucky numbers at color for the day ang 25, 11, 36, 58 at cranberry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Mahalinangiyong work. Maaakitangmasaganangbuhay at increasing ang income mongayon. Lucky numbers at color for the day ang 52, 45, 36, 22, 15 at lavender.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Matutupadanghinahangaddahilsakabutihanngpuso. May opportunity sa abroad. Lucky numbers at color for the day ang 15, 52, 46, 36, 25 at mocha brown.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Lahatngdesisyon ay makakaapektosa'yong future. Pag-isipanngmabutibagomagpasiya. Lucky numbers at color for the day ang 11, 51, 28, 36, 45 at blue haze.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Sundinangudyokngpagkakataon. Masaya ang effect ngtuloy-tuloynabiyaya. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 53, 46, 39, 12, 22 at honey yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Lahatngdesisyon ay magdudulotngkaligayahan, magingsaiyongpamilya. Ingatlangsa bogus. Lucky numbers at color for the day ang 42, 25, 12, 35, 56 at fire red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Sikapinnahanapinang best sa'yongpagkatao. Dahilmagbubukasitongoportunidad. Lucky numbers at color for the day ang 55, 32, 21, 47, 15 at blueberry.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Maraming investor angmaaakitsaiyong invention. Nasalandasangpaggandangkabuhayan. Lucky numbers at color for the day ang 32, 22, 43, 52, 11 at mango orange.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Hindi imposibleanghinahangadnabuhay, kung iiralangmagsipagsatapatnaparaan. Magingmasinop. Lucky numbers at color for the day ang 33, 42, 53, 26, 11 at coffee brown.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Tugmasapanlasaang recipes ngiyong restaurant. Huwagmagtaka kung dadagsaangmga orders. Lucky numbers at color for the day ang 43, 25, 33, 12, 53 at dollar green.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| C | O | F | F | E | E | C | U | P | C | A | K | C | Q | W |
| C | O | O | L | E | R | S | D | N | A | S | M | M | U | S |
| L | W | O | B | R | E | Z | E | E | R | F | I | N | I | M |
| O | I | D | K | Z | B | M | D | T | S | N | R | V | C | O |
| D | N | P | U | I | F | P | E | T | I | R | O | H | K | O |
| E | D | O | W | E | N | S | L | O | N | Q | E | O | C | T |
| R | O | U | H | R | R | G | V | X | U | F | O | U | O | H |
| E | W | C | H | E | F | E | B | U | S | M | L | T | O | I |
| P | S | H | L | V | N | K | U | L | S | R | I | F | K | E |
| M | P | E | H | M | P | A | M | P | E | R | E | D | E | C |
| A | E | S | I | X | C | H | E | F | S | N | X | U | R | U |
| P | O | T | C | O | O | K | E | R | R | E | D | N | O | P |
| Z | T | S | W | A | L | C | D | A | L | A | S | E | H | S |
| D | E | L | U | X | E | A | I | R | F | R | Y | E | R | Z |
| A | C | A | C | I | A | S | P | O | O | N | F | O | R | K |

COOKING BLENDER
DELUXE AIR FRYER
FOOD POUCHES
MINI FREEZER BOWL
ACACIA SPOON FORK
QUICK COOKER
SMOOTHIE CUP
MINI OVEN MITT
SALAD CLAWS
PEELER SET

# AYUDA DISTRIBUTION PARA SA MGA NAKA-HOME QUARANTINE, MULING UMARANGKADA SA LUNGSOD




Sa pangunguna ng Imus City Disaster Risk Reduction Management Office (CDRRMO), muling nagbahay-bahay ang Pamahalaang Lungsod upang maghatid ng ayuda sa mga naka-home quarantine na Imusen~ong positibo sa COVID-19. Hangad ng lungsod na tugunan ang pangangailangan ng mga Imusen~ong hindi makalabas ng kanilang mga tirahan habang tinitiyak ang kaligtasan ng kanilang buong komunidad. "Mula sa tala ng ating CESU, isa-isang pinuntahan ng mga kawani ng Imus CDRRMO ang mga pasyente ng COVID-19 upang matiyak ang kanilang pananatili sa loob ng tahanan, maiwasan ang makapanghawa, at matugunan ang kanilang pangangailangang medikal," ani Mayor Maliksi sa kanyang Facebook post.

# PH eyes collaboration on recycling, plastic alternative research

MANILA – The Department of Science and Technology (DOST) is currently exploring possible collaboration with the United States Department of Agriculture (USDA) Agricultural Research Service (ARS) on recycling and plastic alternative research.

"Last August 9, we had an exploratory talk with the USDA ARS to discuss areas of mutual interest and collaborative mechanisms that both institutions could undertake," said DOST Secretary Fortunato de la Peña in a taped report aired on Friday afternoon.

One of the discussions' highlights was the possibility of collaborating on recycling and plastic alternative research, an area in which de la Peña said the DOST has several ongoing types of research and projects.

"The ARS has pledged its support for the Philippines' efforts to adopt more biomaterials, owing to its extensive experience," he said.

Capacity building, knowledge transfer, webinar hosting, and cooperative research and development will be among the modalities possible for this collaboration, added the DOST chief.

The USDA ARS, as a principal scientific in-house research organization, provides scientific solutions to national and global agricultural challenges, according to de la Peña.

Present in the meeting was the Environment, Science, Technology, and Health (ESTH) officer of the US Embassy, DOST executives, and other technical staff from DOST, USDA ASR, and the US Embassy. (PNA)




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 25 AUGUST 16 - 22, 2021 10.00

# TAAL VOLCANO BULLETIN

In the past 24-hour period, the Taal Volcano Network recorded twenty-seven (27) volcanic tremor events having durations of one (1) to forty-five (45) minutes and low-level background tremor that has persisted since 07 July 2021. Activity at the Main Crater was dominated by upwelling of hot volcanic fluids in its lake which generated plumes 2,000 meters tall that drifted to the northeast. Sulfur dioxide (SO2) emission averaged 9,025 tonnes/day on 14 August 2021. In addition, vog was observed over Taal Volcano and vicinity. Based on ground deformation parameters from electronic tilt, continuous GPS and InSAR monitoring, Taal Volcano Island has begun deflating in April 2021 while the Taal region continues to undergo very slow extension since 2020.

Alert Level 2 (Increased Unrest) now prevails over Taal Volcano. DOST-PHIVOLCS reminds the public that at Alert Level 2, sudden steam- or gas-driven explosions, volcanic earthquakes, minor ashfall, and lethal accumulations or expulsions of volcanic gas can occur and threaten areas within and around TVI. DOST-PHIVOLCS strongly recommends that entry must be strictly prohibited into Taal Volcano Island, Taal's Permanent Danger Zone or PDZ, especially the vicinities of the Main Crater and the Daang Kastila fissure, and occupancy and boating on Taal Lake. Local government officials are advised to continuously assess and strengthen the preparedness of previously evacuated barangays around Taal Lake in case of renewed unrest. Civil aviation authorities must advise pilots to avoid flying close to the volcano as airborne ash and ballistic fragments from sudden explosions and wind-remobilized ash may pose hazards to aircraft. DOST-PHIVOLCS is closely monitoring Taal Volcano's activity and any new significant development will be immediately communicated to all stakeholders.

DOST-PHIVOLCS

